

**OPISYAL NA PAHAYAG**

Pebrero 26, 2021

Kontak: Lungsod ng Long Beach, Pinagsamang Sentro ng Impormasyon: 562.570.NEWS,  
[jic@longbeach.gov](mailto:jic@longbeach.gov)

Para sa Agarang Pahayag

## **Ang Lungsod ng Long Beach ay Naglulunsad ng Pahina ng Datos ng Bakuna sa Covid-19 Data Dashboard**

***Higit sa 104,000 na Dosis ng Bakuna na ang Nabibigay: 60% na  
Porsyento na Matatanda ay Nakatanggap ng Hindi Bababa sa Isang  
Dosis***

Long Beach, CA - Simula ngayon, Pebrero 26, ang Departamento ng Kalusugan at Serbisyong Pangtao sa Lungsod ng Long Beach (Departamento ng Kalusugan) ay magsasama ng isang pahina ng datos ng bakuna na mayroon nang Interaktib na Covid-19 data dashboard, na nagtatampok ng napapanahong Covid-19 na datos ng pagbabakuna para sa Long Beach. Kasama ang pagkasira ng kabuuan ng nabigyan na ng bakuna at detalyadong impormasyon sa demograpiko para sa nabakunahan na mga residente ng Long Beach.

“Tuwang-tuwa ako at ipinagmamalaki na 60% porsyento ng aming 65+ na mga nakakatatanda na ay nabakunahan na,” sinabi ni Alkalde Mayor Robert Garcia. “ Sa patuloy naming pagbabakuna sa maraming tao hangga’t maari, kritikal na gawin na ma-access at bukas sa publiko ang mga datos.

### **Datos ng mga Bakuna**

Ang bagong pahina ng datos ng bakuna na Covid-19, na magagamit bilang isang tampok na pindutan sa mayroon nang dashboardng data ng Covid-19 ng lungsod, nagtatampok ng detalyadong napapanahong datos ng bakuna ng Covid-19, kasama ang kabuuang bilang ng bakunang mga naunang naipamiagay sa buong lungsod,

kabuuang bilang ng mga una at pangalawang dosis, petsa ng araw ng pagbibigay ng bakuna, at detalyadong impormasyong demograpiko sa nabakunahang mga residente kabilang ang edad, kasarian, etnisidad, lahi, at zip code.

Mga highlights ng mga datos na inilabas ngayon:

- 104,374 na dosis ng bakuna na ang naipamigay sa Long Beach
- Sa Kasalukuyan, 66,553 na mga residente na ng Long Beach ang nakatanggap na ng kahit isa dosis nang bakuna, Humigit-kumulang na 14.5% na porsyento ng lungsod, kumpara sa 12% porsyento sa Lalawigan ng Los Angeles at 8.2% na porsyento sa Lalawigan ng Orange.
- 60% na porsyento ng matatanda sa Lungsod ay nabakunahan na alinman sa Long Beach o hurisdiksyon, kumpara sa 43% na porsyento ng mga matatandang populasyon sa Lalawigan ng Los Angeles at 52.6% sa Lalawigan ng Orange. Tandaan na ang 47.9% na isinagguni sa datos ng dashboard ay sumasailalim sa mas matatandang mga residente ng Long Beach na nabakunahan sa lungsod kumpara sa bahagi ng mga residente na nabakunahan na.
- Ipinapakita ng datos ng Zip Code na ang mga rate ng pagbabakuna ay mula sa 7.9% na porsyento hanggang 24.1% na porsyento ng populasyon na ang nabakunahan, ipinapakita ang patuloy na panganagailangan para sa nakatuon na paglabas ng bakuna at interbensyon sa Hilaga, Sentral, at Kanluran ng Long Beach.
- Ang mga datos ay nagpapakita na mga puting residente ang may pinakamalaking bumubuo sa na nabakunahan na ng populasyon na kulang kulang 40% na porsyento ng kabuuan ng populasyon, naayon sa datos ng census na nagpapakita ng populasyon ng lungsod na matanda ay 54% na porsyento ay puti.

Ang pahina ng datos ng bakuna ay tuloy-tuloy na nai-update sa natitirang dashboard ng datos Lunes hangang Biyernes, o habang magagamit ang impormasyon.

### **Pagsisikap sa Pag-abot ng Equity**

Ang Long Beach at mga kasosyo sa Lungsod ay nagsagawa ng limang nakatuon na mga klinika sa Hilaga, Kanluran at Sentral Long Beach noong buwan ng Pebrero upang direktang magdala ng pagbabakuna sa mga lugar na apektado ng Covid-19 upang direktang maabot ang mga pangkat na nagangailangan ng mapagkukunan ng bakuna.

Sa linggong ito nakatanggap ang lungsod ng 5,000 libong karagdagang mga unang dosis na naka-iskedyul para sa araw ng Lunes hanggang Biyernes, na may pagtuon mula sa mga subscriber ng VaxLb sa mga Zip Code na may mataas na rate ng kaso ng Covid at mas mababang rate ng pagbabakuna.

### **Naka-streamline na Disenyo**

Katulad ng natitirang dashboard ng data ng Covid-19, nagtatampok ang pahina ng datos ng bakuna ng pinasimple na teksto at mga larawang nakabatay sa imahe, na naka-streamline at nakaayos kasama ang pangwakas na gumagamit. Ang impormasyon ay partikular na na-curate para sa pangkalahatang publiko, kaya't ang mga bisita sa site ay maaring makahanap ng impormasyong kailanganin nila nang mabilis at madali.

“Masigasig kaming nagtrabaho upang matiyak na ang mga datos na ito ay maipakita sa isang napapanahong tumpak at pare-pareho na paraan na madaling maunawaan ng publiko,” sinabi ng Direktor ng Kagawaran ng Kalusugan na si Kelly Colopy. “Kami ay magpapatuloy na magbigay ng mas maraming datos ng bakuna sa oras na magamit ito.

Ang lungsod ay nagtrabaho upang pangasiwaan ang maraming mga dosis ng bakuna hanggat maari sa mga nasa karapat-dapat na pangkat dahil magagamit ang paglalaan. Noong Disyembre 2020, inanunsyo ng lungsod ang isang plano para sa pantay na pamamahagi ng bakuna at nagsimula nang pangasiwaan ang mga pagbabakuna sa mga manggagawa sa pangangalaga ng kalusugan, mga matatanda, mga tauhan ng serbisyong pang-emerhensya, tagapagturo, at empleyado ng sektor ng pagkain sa Long Beach.

Orihinal na inilunsad ng lungsod ang dashboard ng data ng Covid-19 noong Abril at pinalawak ito nang mas maraming datos ang magagamit.

Mula pa Pebrero 25, mayroon nang 51,195 libong mga kaso ng COVID-19 sa Long Beach at 832 daan na katao na ang namamatay mula sa bayrus. Higit sa 104,300 na libo na dosis na ang naipamahagi na, na kung saan mahigit 66,500 na libo na unang dosis at 37,800 na libo na pangalawang dosis. Ang mga bilang na ito ay naiiba mula sa nabakunahan na mga residente na bilang sa itaas ng maraming mga tao sa Long Beach na nagtrabaho sa labas ng lungsod at nabakunahan sa pamamagitan ng kanilang mga pinagtatrabahuhan.

Para sa mga bagong impormasyon COVID-19, kasama ang mga detalye kung paano pinangangalagaan ang mga residente sa lungsod ng Long Beach bumisita sa [longbeach.gov/COVID19](https://longbeach.gov/COVID19) and follow @LongBeachCity on Facebook, Twitter and Instagram.

###